Ang Programang Pagpapatupad sa Pananatili ng Pamilya
Patakarang dapat malaman ng mga bagong Imigrante

Kailangan Mo Ba Ng Tulong Para sa Suporta sa iyong anak?

Ang batas tungkol sa pamilya sa British Columbia ay palaging naka sentro sa ano mang bagay na ikakabuti ng mga anak sa tuwing naghihiwalay o kaya ay nag diborsyo ang mag- asawa. Ang mga magulang ay dapat ipagpatuloy ang pagbibigay ng suportang pinansyal kahit sila ay hiwalay na.

Kadalasan natatalikuran ang ganitong responsabilidad sa ilalim ng kasunduan ukol sa pagsuporta ng anak. Ito ay madalas nagdudulot ng kahirapan sa mga anak at sa pamilya. Kung magkaroon ng suliranin para makakuha ng suporta maaring humingi ng tulong sa Programang Pagpapatupad sa Pananatili ng Pamilya (Family Maintenance Enforcement Program). Ito ay libreng programa ng gobyerno na tumutulong sa pagkuha ng suporta para sa asawa at sa anak, alamin ang mga naibayad na suporta at isakatuparan ang nagawang kasunduan. Ang programa ay may angking kapangyarihan na mangolekta sa mga perang hindi nabayaran. Halimbawa, maaaring ipag utos sa amo ng pinag tatrabahuhan na bawasin sa suweldo ang anumang dapat ay para sa anak o asawa.

Upang makasali sa libreng programang ito ang magulang ay dapat merong hawak na Katibayan na dapat bibigyan ng suporta ang bata o asawa o kaya ay isang kasunduan na ipinaguutos ng korte sa Bristish Columbia. Kung nais ninyong kumuha ng katibayan o di kaya ay maghain ng kasunduan , kailangang humingi ng tulong sa taong propesyonal o legal na tagapagpayo. Ang Centro ng Hustisya sa Pampamilya (Family Justice Centers) ay may kakayahang magbigay ng impormasyon o tulong. Ang Programang Pagpapatupad sa Pananatili ng Pamilya (Family Maintenance Enforcement Program) ay hindi nito sakop ang anumang tulong na may kaugnayan sa batas o pagbigay ng katibayan para sa pagkuha ng suporta.

Kung ang iyong asawa ay hindi naninirahan sa British Columbia ang pamahalaan ay nakipag ugnayan sa iba pang probinsiya at teritoryo ng Canada at sa iba pang mga bansa upang makasiguro na ipinatutupad ang nagawang kasunduang. Makikita ang mga listahan ng mga bansa at probinsya sa Canada na kasali sa ugnayang ito sa isa pang babasahing : **Pagkuha ng supporta sa anak kapag ang magulang ay hindi naninirahan sa British Columbia**

Maaring magpalista at sumali sa Programang Pagpapatupad sa Pananatili ng Pamilya (Family Maintenance Enforcement Program) o iba pang impormasyon sa pamamagitan ng www.fmep.gov.bc.ca o kaya'y tumawag sa 604-678-5670 sa Vancover at karatig lugar , 250 220-4040 sa Victoria , o loob (Interior)at hilaga (North) sa 250 434-6020.